

Ang paraan ng pagbukukod at pagtatapon ng basura at mga basurang pwede pa uliting gamitin.

© Mangyaring paghiwalayin ang mga ito at ilagay ito sa itinalagang lugar ng bandang alas-otso(8) ng umaga sa mismong araw kung kailan ito kokolektahin.

Iskedyul ng koleksyon : 2 beses sa isang linggo Mangyaring ilagay ang basura sa dilaw na semi-transparent na supot na itinalaga ng Syudad ng Matsusaka para itapon sa lugar na pagtatapunan.

可燃

Basurang nasusunog

- Basurang mula sa kusina
Basurang nabubulok (pinaglutan, natirang pagkain, atbp)
Tanggalin ang tubig mula sa basura sa kusina.
- Hindi na muling magagamit na papel
Mga basurang naglalaman ng pagkain na nagmamantika, atbp. Mga nagamit na tissue paper litrato
- Plastik na walang markang plastik
Ito ay para sa mga basurang ang laki ay kasya sa itinalagang supot ng basura.
laruang gawa sa plastik (hindi kasama ang basurang may bakal.)
plastik na hanger
sepilyo/palangana
- Iba pa
mga goma at katad o yari sa balat ng hayop
kurtina, mga stuffed toy
mga paper diaper (alisin ang dumi)
Pulutin ang mga nalaglag na dahon/damo, at ilagay sa itinakdang supot ng Syudad ng Matsusaka.
- Ang mga hindi magkakasya sa itinalagang supot ng basura ay ilalabas bilang basurang nasusunog
futon/carpet
Tiklupin sa tinatayang 1 m laki ang basurang hindi kakasya sa itinalagang supot ng basura, talian nang pa-krus gamit ang pisi, at itapon sa lugar ng pagtatapunan.
Mga pinutol na sanga
Putulin pa ang mga pinutol na sanga hanggang sa haba na 1m/kapal na 5cm, bigkisin gamit ang pisi sa kapal na madadala ng isang kamay.

不燃

Basurang hindi nasusunog

Mapanganib na basura

Iskedyul ng koleksyon : isang beses sa dalawang linggo Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.

- Maliliit na uri ng bakal
kaldero/kawaling piniprituhan
gas range/ mga stove heater
- Mga babasagin/ Mga seramiko
lata (mga walang laman)
payong
mangkok/ pinggan
bombilya/ LED
baso at tasa hindi nare-recycle na bote
- Mga de-kuryenteng kasangkapang pambahay
mga hindi nare-charge
Para sa kaligtasan, balutin ng makapal na papel ang mga babasagin at matatalim na bagay, at markahan ng "ガラス" (garasu o babasagin), "ハモ" (hamono o matatalim na bagay) at ilabas sa lugar na pinagtatapunan.
- Matatalim na bagay
Para sa kaligtasan, balutin ng makapal na papel ang mga babasagin at matatalim na bagay, at markahan ng "ガラス" (garasu o babasagin), "ハモ" (hamono o matatalim na bagay) at ilabas sa lugar na pinagtatapunan.
- Bisikleta
Mangyaring markahan bilang "gomi" ("basura")
Mangyaring tanggalin ang baterya ng de-kuryenteng bisikleta. (Markahan na tinanggalan na ito ng baterya)
Dalhin ang baterya sa tindahang nagbebenta nito
- Paghiwa-hiwalayin ang mga spray can, lighter, dry cell na baterya bago itapon.
○ Hindi na kailangang butasan ang sisidlan.
○ Dahil sa panganib ng sunog, mangyaring ubusin ang gas bago ito itapon.
- spray can/ canister cartridge
- lighter
- dry cell na baterya

Iskedyul ng koleksyon : isang beses sa isang linggo Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.

プラ容

Plastik na sisidlan /supot

Paghiwa-hiwalayin ang mga plastik na sisidlan/supot gamit ang markang plastik.

Pagkatapos ubusin ang nilalaman, hugasan ito gamit ang tubig para malinis ito. Patuyuin nang mabuti pagkatapos mahugasan.

- supot mula sa tindahan, supot ng kendi, atbp.
- lalagyan ng bento, tray ng pagkain, atbp.
- lalagyan ng cup noodles, pudding, atbp.
- shampoo, conditioner, atbp.
- mayonnaise, toothpaste, atbp.
- pambalot na styrofoam, lalagyan ng natto, atbp.
- Itapon bilang basurang nasusunog kung hindi natatanggal ang dumi.
- Kapag may markang "pura o plastik" maaari mo itong ilabas bilang recyclable, matigas man o malambot ang materyal.


ビン

Basyong bote

Iskedyul ng koleksyon : isang beses sa isang buwan Itapon sa basket.

- Kabilang sa mga basyong bote ang mga boteng ginamit sa inumin at pagkain at mga boteng ginamit para sa kosmetiko.
- Banlawan nang maayos ang loob.
- Ang mga basyong bote ay ginagamit bilang recyclable na materyal ayon sa kulay, kaya kinokolekta ito gamit ang mga espesyal na itinakdang basket.
- Ang mga basket na pagtatapunan ng mga bote ay inilalagay sa bawat lugar isang araw bago ito kolektahin.
- Paghiwa-hiwalayin nang ayon sa kulay na puti, brown, at iba pa.

Malalaman mo ang klasipikasyon ng bote sa pamamagitan ng pagtingin sa kulay ng bibig ng bote.



資源

Mga nare-recycle na bagay

Mga maliliit na kagamitan sa bahay na maaaring i-charge

Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura. Para sa mga de-kuryenteng kasangkapan na tsina-charge kapag ginagamit. Mayroong ganitong marka ang maliliit na nare-charge na baterya, kabilang ang lithium-ion na baterya.



Iskedyul ng koleksyon : isang beses sa isang buwan

PET na bote

Hanapin ang markang ito sa kaliwa Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura. Banlawan nang maayos ang loob. Ang mga label at takip ay itatapon bilang "mga plastik na sisidlan/supot".



Papel ng dyaryo

Talian nang pa-krus at itapon sa lugar na pagtatapunan. Maaari mo ring itapon nang magkasama ang mga papel na pang-anunsyo at polyeto.



Mga lumang damit

Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura. Ang mga lumang damit na maaaring ihiwalay at gamitin bilang second-hand na damit ay muling gagamitin. Mangyaring hugasan ito ng mabuti bago itapon sa lugar na pagtatapunan ng basura. Iwan ang butones at fastener.



Puting tray

Ang mga puting tray ay gawa sa styrofoam at puti ang kulay. Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura. Ang mga lalagyan ng natto at may kulay na tray, ay dapat itapon ang mga ito bilang "plastik na sisidlan/supot" kahit na puti ang mga ito. Patuyuin nang mabuti pagkatapos mahugasan nang mabuti.



Mga magazine/iba pang papel

Gumamit ng mga paper bag o talian nang pa-krus at itapon ito sa lugar ng pagtatapunan. Ang iba pang mga papel ay kahon ng kendi, kahon ng tissue paper, sobre, postcard, at copy paper.



Aluminum na lata para sa pagkain at inumin

Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura. Itapon bilang recyclable ang mga may markang aluminum. Banlawan nang maayos ang loob.




Karton ng gatas

Hugasan ng maayos ang loob ng karton ng gatas at gupitin ito. Pagkatapos ay hayaan itong matuyo nang husto, at huwag kalimutan na laging talian ito nang pa-krus. Ito ay para sa 500ml at pataas na karton ng gatas, juice at iba pa na kung saan ang loob na lalagyan ay kulay puti.



Karton

Talian nang pa-krus at itapon sa lugar na pagtatapunan. Ito ay para sa mga bagay na hindi pantay-pantay. Tanggalin ang bahaging hindi papel gaya ng tape at bakal.



Fluorescent na ilaw

Itapon ang nagamit nang fluorescent na ilaw nang nakalagay sa orihinal na kahon nito o kaya ay ilagay ito sa hiwalay na supot para hindi ito mabasag. Termometro na may mercury, sphygmomanometer Ang mga may mercury ay maaaring itapon kasama ang fluorescent na ilaw.



Mga bagay na hindi kinokolekta/ pinoproseso ng lungsod

- kemikal/pestisidyo
- gulong
- fire extinguisher
- mga likidong gaya ng maruming mantika, atbp.
- bisikleta/motorsiklo/ makinang pang-agrikultura at ang mga piyesa nito
- silindro ng gas
- baterya
- Pulbura ng baril
- piano
- iba pa, mga basurang industriyal na mula sa mga aktibidad na pangnegosyo

Pag-recycle ng kasangkapang pambahay

Ang mga basurang kasangkapan sa bahay kagaya ng aircon, TV refrigerator, freezer, washer, dryer na maaaring i-recycle ay hindi kinokolekta ng lungsod. Ang mga retailer, tagagawa ng kompyuter, atbp ay ang responsable sa pagkolekta at pag-recycle nito.

Paraan ng pagtatapon ng mga nare-recycle na kasangkapang pambahay

Kapag humihiling na magpakolekta sa isang tindahan ng mga kasangkapan para sa bahay → Singil sa pag-recycle + Singil sa transportasyon

Kapag direktang dadalhin sa itinakdang lugar ng pagkukunan → Recycle ticket (Prepaid) lamang

Kapag Dadalhin sa Matsusaka City Clean Center → Recycle ticket (Prepaid) + Singil sa proseso ng pagtatapon sa lungsod

Paraan ng pagtatapon ng hindi na ginagamit na kompyuter

- Dalhin sa Matsusaka City Recycling Center, Matsusaka City Clean Center
- Gamitin(nang libre)Lynette Japan Recycle Co.,Ltd.
- Ibigay sa tagagawa ng kompyuter

